

# Mga balita sa Tsu

Nobyembre 2023

タガログ語

Tsu City International Exchange Association  
23-1 Nishi Marunouchi Tsu City [Tel:059-229-3146](tel:059-229-3146)  
<http://tiea.jp> E-mail:info@tiea.jp



## Tulong Pinansiyal (para sa gamit sa eskuwela ng mga bagong mag-aaral)

Ang tulong na ito ay ibibigay bago magpasukan sa mga magulang ng mga batang papasok sa unang grado sa elementarya, at first year sa junior high school sa darating na pasukan sa Abril 2024 na hirap sa pinansiyal.

**Mga pwedeng tumanggap:** Mga magulang na nakarehistro sa Tsu City na kabilang sa mga sumusunod at ang anak ay nakatakdang pumasok sa pampublikong elementarya o junior high school sa pasukan sa Abril.

- Mga nasuspende o hindi na tumatanggap ng "seikatsu hogo"
- Mga walang singil o exempted sa pagbabayad ng resident tax
- Mga tumatanggap ng childcare benefit para sa mga solong magulang
- Mga kapos sa pinansyal para sa pagpapa-aral ng anak.



**Itinakdang petsa para sa pagbigay ng tulong:** Marso 11, 2024 (Lunes)

**Deadline ng aplikasyon:** Disyembre 22, 2023 (Biyernes)

(Ang resulta ay ipapadala sa pamamagitan ng sulat sa mga unang linggo ng Marso)

	Halaga ng suporta	Lugar kung saan ipapasa
Papasok sa elementarya	54,060Yen	Tsu Board of Education
Papasok sa Junior High School	63,000 Yen	Pinapasukang paaralan

< Para sa mga katanungan >

Tsu City Board of Education ☎059-229-3245

Para sa mga nahihirapan sa paghahanap ng matitirhan

## Konsultasyon para sa mga pribadong paupahan

Free Consultation

Kailangan ng reserbasyon

Nahihirapan ba kayo sa paghahanap ng matitirhan? Hindi tinanggap ng landlord ang inyong aplikasyon, hindi makahanap ng guarantor o kaya hindi marunong makipag-usap sa Japanese? Ang consultation desk na ito ay para sa inyo.

**Kailan:** Nobyembre 25, 2023 (Sat) 10:00 ~ 15:00

**Saan:** Tsu Region Plaza 2F, Room 3 (23-1 Marunouchi, Tsu city)

**Mga pwedeng kumunsulta:** Mga naghahanap ng paupahang tirahan sa Tsu city na mga senior citizen, mga pamilya na may mga anak, mga may kapansanan, mga dayuhan atbp na nahihirapan sa paghahanap ng matitirhan.

**Nilalaman:** Pagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa mga paupahang bahay at konsultasyon tungkol sa mga problema sa paghahanap ng matitirhan.

\*May mga pwedeng upahan na ibabahagi sa inyo sa araw na ito.

\*Hindi pa pwedeng pumirma ng kontrata o tumungin ng bahay sa araw ng konsultasyon.

< Para sa mga katanungan >

Tsu City Toshi seisaku-ka ☎059-229-3290

Mayroong interpreter sa portuguese

## TRAINING COURSE PARA SA CAREGIVER JOB

Sa Career Academy, bukod sa mga Japanese, marami din dito ang nakakapagtapos na mga dayuhang residente.

**Venue:** Career Academy (School sa harapan ng Matsusaka Station) ☎0598-30-6828

**Tuition fee: Libre** Subalit, kailangan niyong bayaran ang para sa textbook na 5,500 yen.

Mayroong "furigana" ang mga kanji na nakasulat sa textbook.

**Paraan ng aplikasyon:** Mag-apply lamang sa pinakamalapit na Hello Work sa inyo.

**Panahon ng tanggapan:** Mula Setyembre 27, (Wed)~Nobyembre 7, (Tue) 2023

**Interview:** Nov.14, 2023 (Tue) **Note:** Ang resulta ng interview ay ipapadala sa inyo sa Nov. 17(Fri).

**Training period:** Nobyembre 28, 2023 (Tue) hanggang Pebrero 2, 2024 (Fri)

**Oras:** 9:40 am hanggang 4:10 pm (Sarado kapag Sabado, Linggo at mga Holiday.)

<Para sa mga katanungan>

Career Academy Matsusaka-shi Asahi-cho, 1-Ku 14-11 ☎0598-30-6828

Incharge: Yonekura




2 buwang kurso

# Takatora rakuza

**Petsa:** Nov. 3 (Fri/holiday) 10:00~16:00

**Lugar:** Phoenix Dori, Tsu Mannaka Hiroba

**Ano ang mayroon dito :** Japanese drum at Stage performance, magbebenta ng mga lokal na produkto ng Ichishi, Hakusan, at Misugi, Flea market, Hand crafts, at iba pang sari-saring paninda mula sa loob at labas ng prepektura.



## Agriculture-Forestry and Fisheries Festival

**Date:** Nov. 3 (Fri) 9:30~15:00

**Lugar:** Marunouchi Shopping Arcade

Mayroon ditong safe at fresh ng mga gulay, bigas, snacks, processed food at marami pang iba. Mayroon din ditong masasayang event gaya ng wood craft workshop, at pamimigay ng libheng miso soup.

## Flower Green Festival

**Date:** Nov. 3 (Fri) 10:00~16:00

**Lugar:** Sa may Phoenix Dori

Mayroon ditong mga ibinibentang punla ng mga halaman, lesson para sa pagtanim ng halaman sa paso (libre para sa unang 100 katao na dumating), picture coloring para sa mga bata, at pwede ring kumunsulta tungkol sa paghahalaman.

## BAKUNA KONTRA COVID-19

### Nagsimula na ang pagbabakuna kontra covid-19 ngayong autumn

Bayad at bilang ng bakuna	Libre at 1 beses lang bawat 1 tao
Panahon ng pagbabakuna	Sept. 20, 2023 hanggang katapusan ng Marso 2024
Uri ng bakunang gagamitin	Omicron XBB.1.5 Takeda (Novavax)
Pagpapadala ng vaccination coupon	Padadalhan ng coupon ang mga tapos na sa unang bakuna kapag pwede na ulit silang tumanggap ng sunod na bakuna. Mangyaring magpareserba lamang kapag natanggap niyo na ang coupon para sa pagpapabakuna.
Lugar kung saan pwedeng magbabakuna	【HP ng Tsu City】 Pakitingnan na lamang ang listahan ng mga participating medical institution/klinika at paraan ng reserbasyon sa Homepage ng Tsu City ※Wala pong group vaccination
Paraan ng pagpapareserba	Sundin lamang ang mga paraan na ibinigay ng mga medical institution para sa pagpapareserba.



<Para sa mga katanungan>

Tsu City Covid-19 Vaccination Consultation Desk (Call Center) ☎ 0120-059-550

## Impormasyon tungkol sa bakuna kontra influenza para sa mga senior citizen

Bilang paghahanda sa sabay na pagkalat ng influenza at covid-19, sinimulan na ang pagbabakuna kontra influenza para sa mga senior citizen at iba pa na mataas ang posibilidad na lumala ang sakit kapag nahawaan.

**Eligible :** Mga nakarehistro sa Tsu City na kabilang sa sumusunod.

- Mga 65 years old mahigit ang edad sa mismong araw ng pagpapabakuna.
- Mga 60-64 ang edad sa mismong araw ng pagbabakuna na may sakit sa puso, kidney, respiratory at mga lubhang nahihirapan sa araw-araw na buhay.

※ Mangyaring kumunsulta lamang sa inyong doktor.

**Panahon ng pagbabakuna :** Hanggang Enero 31, 2024 (Miyerkules)

**Lugar ng pagbabakuna :** Sa mga participating medical institution sa Mie Prefecture

**Bilang ng bakuna :** 1 beses

**Babayaran :** 1,200 yen

**Kailangang dalhin :** ID (Health insurance etc.) , health booklet (booklet na inisyu ng health center)

<Para sa mga katanungan>

Tsu City Hall Health Promotion Division Tel:059-229-3310


# LINGGO PARA SA PAG-IWAS SA SUNOG

## 9 (Huwebes)-15 (Miyerkules) ng Nobyembre

Ang linggo para sa pag-iwas sa sunog ay isasagawa sa buong Japan simula petsa 9 (Huwebes) hanggang petsa 15 (Miyerkules) ng Nobyembre. Sa taglamig, madalas tuyo ang hangin kaya ito ang panahon kung saan madaling magkaroon ng mga sunog. Upang maprotektahan natin ang ating mga sarili at ang ating mga ari-arian, mahalaga na magkaroon tayo ng mas malawak na kaalaman tungkol sa pag-iwas sa sunog.

### **Paki-check ng regular ang inyong fire alarm.**

Madali lang ang pag-check at pagpalit ng fire alarm sa bahay at kahit sino kaya itong gawin. Pindutin lang ang button o kaya hilain ang string para patunugin ang alarm upang masiguro kung gumagana ba ito. Kailangan na rin itong palitan kung ito ay sira na, di na gumagana o sampung taon mahigit na ang nakakalipas mula ng ito ay ikabit.



### **Ano ba ang Fire alarm?**

Ang fire alarm ay ikinakabit sa mga kisame para ma-detect kaagad ang usok at init kapag mayroong sunog. Tumutunog ito upang magbigay babala at makaiwas kayo sa panganib kapag nagkaroon ng sunog.

### **Uri ng residential fire alarm at tips para sa instalasyon**

- ◆ **Bedroom at hagdanan** • • • Inirerekomenda ang smoke detector
- ◆ **Kitchen at living room** • • • Pwede kayong mamili alinman sa smoke type or heat type, pero mas makakabuti kung heat type ang gagamitin niyo sa kusina.

< Para sa mga katanungan >

Fire Prevention Division ☎ 059-254-0356

## NOBYEMBRE 9 "ARAW PARA SA EMERGENCY NUMBER NA 119"

Ang 119 ay numero na pwedeng tawagan kapag may mga emergency, sunog at iba pa. Itong mga nakaraang taon, dumarami ang mga tumatawag ng emergency gamit ang kanilang cellphone. Pakitadaan lamang po ang mga sumusunod kapag tatawag kayo sa 119 gamit ang inyong cellphone.

### **Pagtawag sa Emergency hotline na 119**

Sikapang ikalma ang sarili sa isang ligtas na lugar at tsaka magsalita ng malinaw at dahan-dahan. Posibleng matagalan ang pagtukoy sa workplace niyo kapag cellphone ang ginamit niyong pantawag sa 119. Sabihin lamang sa operator ang inyong pangalan, address, mga landmark o iba pa na malapit sa iyo na pwede maging palatandaan.



### **Pagresponde sa iba' t-ibang wika**

Upang matugunan ng maayos ang mga banyaga na nahahirapan sa pakikipag-usap sa Japanese kapag may emergency, sinimulan na ang "denwa tsuuyaku center" kung saan maari ng makapag-usap sa 3 linya ng telepono. Kaya naman, makakatawag na kayo sa 119 ng hindi na mag-aalangan kung hindi kayo marunong mag-Japanese. Mayroon ditong mahigit limang wika. English, Korean, Chinese, Portuguese, Spanish atbp.

### **LIVE 119 Video Reporting System**

Kapag tumawag sa emergency number na 119, pwede kayong mag send ng live video sa inyong kausap mula call center gamit ang inyong smart phone upang ipaabot ang sitwasyon sa lugar ng sakuna at kalagayan ng sugatan. Mangyaring makipagtulungan lamang kapag hiniling ng kausap sa call center na magsend ng live video.



### **Mag-iingat sa pagtawag mula sa smart phone/CP**

May mga smart phone na awtomatikong tumatawag ng emergency kapag nalaglag at nagkaroon ng malakas na impact. Mayroon ding mga pagkakataon na pipindot ang emergency call ng hindi namamalayan kapag inilagay ang cellphone sa bag o kaya sa balsa. Napipindot din ito minsan kapag nilalaro ng bata ng hindi namamalayan ng magulang. Kapag nagkamali lang kayo sa pagtawag sa 119, pakisabi lamang sa operator na nagkamali lang kayo. Pwede niyo ring palitan ang setting ng automatic notification function ng inyong smart phone.

< Para sa mga katanungan >

Call Center ☎ 059-254-0119

## Tsu City Disaster Prevention Drill

Hindi natin alam kung kailan magkakaroon ng malaking sakuna maging dito sa ating lugar sa Tsu City. Ngayong taon, mayroong pagsasanay na isasagawa bilang paghahanda kung sakaling magkaroon ng sakuna na dulot ng malaking lindol. Isasagawa ito sa pangunguna ng mga taga Kumozu at pakikipagtulungan at pakikipag-ugnayan ng mga boluntaryo at pribadong organisasyon para sa pag-iwas sa kalamidad, mga volunteer, medical institution at mga organisasyon na may kinalaman sa pag-iwas sa mga kalamidad.

Mayroon din ditong disaster learning corner kung saan pwedeng mag-try at manood ang kahit sino. Sa mga pupunta ng nakasakyan, mangyaring mag-park sa parking lot ng JFE Engineering at sumakay na lamang ng shuttle bus papunta sa venue. Sa mga nais sumali, mangyaring tumawag lamang sa shimin-koryu-ka (Citizen Communication Division)

Petsa : Nov.12 2023 (Linggo) 9:00 -11:30 AM

Lugar : Kumozogawa Sagan Jouka Center (Tsu-shi Kumuzo Koukan cho 52-5)

< Para sa mga katanungan >

Tsu City Hall Citizen Communication Division ☎ 059-229-3146





# KAMPANYA UPANG MAIWASAN ANG MGA PANG-AABUSO SA MGA BATA

## Ano ba ang mga pang-aabuso

- **Pisikal na pang-aabuso** -- paninipa, pambubugbog, paghagis, malakas na pang-uuga, pagpaso, paglunod atbp.
- **Pagpapabaya** --- Pag-iwan ng maliit na bata sa bahay ng nag-iisa, hindi pagpapakain ng maayos, hinahayaan ang bata kahit sobrang madungis, pag-iwan sa loob ng sasakyan, hindi pagdala sa hospital kahit mayroong malalang karamdaman o iba pa.
- **Sekswal na pang-aabuso** --- Sekswal na mga gawain sa bata, pagpapakita ng mga sekswal na gawain, pagkuha ng mga larawan para gamitin sa sekswal na layunin at iba pa.
- **Sikolohikal na pang-aabuso** --- pananakot, hindi pagpansin, pagpapakita ng favoritism sa pagitan ng magkakapatid, pangbubugbog ng kapamilya sa harapan ng bata (DV: Domestic Violence) at iba pa.

## Pigilan ang mga pang-aabuso sa mga bata

Kapag may nakitang batang inaabuso, mangyaring tumawag kaagad sa child consultation center o city hall.

## Laban sa pisikal na pagpaparusa

Ang pagpaparusa sa bata ay labag sa batas. Ang paulit-ulit na pagpaparusa sa bata ay maaaring magdulot ng masamang epekto sa kanilang paglaki.

### <Para sa mga katanungan>

Child Guidance Center Nation-wide dial contact 189 (makokontak nito ang malapit na guidance center sa inyo.)

Child Care Support Division ☎059-229-3284 Note: Kung need ng interpreter 059-229-3146

## GAMBARUKAI

~Japanese class~

**Lugar** : Takachaya Shimin Center

**Oras** : 6:30 - 8:00 pm (Kada Sabado)

**Bayad** : Adult • 100 yen 1beses Bata • Libre

★Sali na sa Japanese Class!

★Tuturuan dito ang mga bata sa kanilang homework.

★May mga volunteer na tumutulong sa pagtuturo.

## POPULASYON NG MGA DAYUHANG RESIDENTE SA TSU

(Kasalukuyan ng Oktubre 1, 2023)

Bansa	Populasyon	Nadagdag at nabawas sa 1 buwan
1 Brazil	2,260	-11
2 Philippines	1,791	24
3 Vietnam	1,698	65
4 China	1,261	35
5 Indonesia	604	15
6 Nepal	507	14
7 Bolivia	420	5
8 Korea	409	4
9 Thailand	231	4
10 Myanmar	218	-1
Iba pa	834	4
Total	10,233	158
Populasyon ng Tsu	271,430	-96

## Konsultasyon para sa mga dayuhang residente



Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan sa City Hall gaya ng bayarin sa buwis, social insurance, welfare, edukasyon at iba pa, mayroon pong interpreter sa International Exchange section (Shimin-koryu-ka) sa wikang Portuguese, Spanish, English at tagalog kaya huwag mag-atubiling kumunsulta. Mayroon din ditong interpreter sa 14 wika sa pamamagitan ng video call gamit ang tablet.

### <Para sa mga katanungan>

Tsu City International Exchange Section  
Shimin-koryu-ka ☎ 059-229-3102

## JAPANESE CLASS

**Venue** : Tsu Center Palace 2F  
Chuo Kominkan


☎ 059-229-3146

**Oras**: 6:00 pm- 7:45 pm

**Klase sa buwan ng Nobyembre** :

Petsa: (5, 12, 19 at 26)

**Fee** : Libre



**Para sa mga katanungan**

Shimin-koryu-ka ☎059-229-3146

## VOLUNTEER JAPANESE-LANGUAGE CLASS PARA SA BUWAN NG NOBYEMBRE

Tsu Region Plaza 2F	Geino Sougou Bunka Center 2F	Hisai Sogo Fukushi Kaikan	Kawage Kominkan 2F
Sabado	Sabado	Biyernes	Linggo
11 at 25	4 at 18	10, 17, 24,	12, 19, 26
14:00~15:30	18:00~19:30	19:00~20:30	13:00~16:00
Tsu-shi Nishimarunouchi 23-1 ☎059-229-3146	Tsu-shi Geino-cho Mukumoto 6824 ☎059-265-6000	Tsu-shi Hisai Higashi- Takatomachi 20-2 ☎059-255-8839	Tsu-shi Kawage-Cho Hamada 742 ☎059-244-1701